

Pag-intindi sa Pambansang Moratoryum ng Pagpalayas

Nawalan ako ng trabaho at ngayon hindi ako makabayad ng upa.

Nawalan din ako ng trabaho. Sa palagay ko maraming tao sa aming komunidad ang nahihirapan magbayad ng upa dahil sa COVID-19.

Totoo bang pinahinto ng gobyernong pederal ang mga pagpapalayas?

Ang gobyernong pederal ay nagpasa ng moratoryum sa pagpapalayas hanggang Disyembre 31, ngunit hindi ito garantisado. Kailangan mong magsumite ng pormang deklarasyon.

Ano ang nararapat kong gawin?

Pirmahan at isumite ang pormang deklarasyon sa iyong landlord na nagsasabing natutugunan mo ang ilang mga kinakailangan.

Upang maging karapat-dapat, kailangan mo:

- ✓ Kumita ng mas mababa sa \$99,000 o \$198,000 para sa mga pamilya
- ✓ Hindi makabayad ng upa dahil sa pagkawala ng kita
- ✓ Nag-apply ng tulong sa upa ngunit hindi nakatanggap ng anumang
- ✓ Sumang-ayon na gumawa ng bahagyang bayad sa upa kung maaari
- ✓ Mawawalan ng tirahan o malalagay sa isang masikip na pabahay kapag pinalaya

Kailangan ko bang ipakita ang dokumentasyon ng aking kita?

Hindi mo kailangan magsumite ng patunay sa deklarasyon. Ngunit dapat mayroon ka nito kung sakaling hamunin ka ng iyong landlord.

May utang pa ba akong upa na hindi nabayaran habang nag-moratoryum?

Oo. Magbayad ng anumang makakaya mo sa panahon ng moratoryum at pagkatapos ay babayaran mo ang anumang hindi nabayaran upa.

Kaya ano ang dapat kong gawin sa porma?

Pirmahan at isumite ang pormang deklarasyon sa iyong landlord. Kung mayroong higit sa isang nasa hustong gulang sa iyong sambahayan, ang bawat tao ay kailangang magsumite ng kanilang sariling porma.

Kung paano isumite ang deklarasyon:

- ✓ Basahin ng mabuti upang malaman kung ikaw ay nararapat
- ✓ Pirmahan ang deklarasyon
- ✓ Mag email sa iyong landlord o ipadala ng sertipikadong koreo
- ✓ Magtago ng kopya o larawan para sa iyong mga talaan
- ✓ Ang **bawat may sapat na gulang** sa iyong sambahayan ay kailangang magsumite ng kanilang sariling porma

Tiyaking totoo ang lahat ng mga bagay. Ang deklarasyon ay legal na dokumento. Kapag magsumite ka ng hindi totoong impormasyon, maaari kang mapanganib na maparusahan.

Para sa karagdagang mapagkukunan, bumisita sa:

- Isinalin na Factsheet at Deklarasyon
- www.nationalcapacd.org
- www.nhlp.org



Ano ang Aking mga Karapatan?

Kailangan ko bang maging isang mamamayan ng US? Maaapekto ba nito ang aking pag-apply para maging mamamayan?

Hindi, lahat ng tao ay karapat-dapat anuman ang katayuan sa imigrasyon. Hindi ito dapat makaapekto sa iyong pag-apply para sa pagkamamamayan. Dapat kang makipag-usap sa isang abugado.

Paano kung wala akong lease? Karapat-dapat pa ba ko?

Oo.

Kung ang aking lungsod o estado ay may sariling moratorium ito ba ay may bisa pa?

Kung ang iyong lokal na moratorium ay mas malakas, may bisa pa rin yan. Para sa napapanahon na listahan ng lokal na moratorium, tingnan itong listahan ng mga moratorium ng estado.

Paano kung i-lock-out ako ng aking landlord pagkatapos kong ibigay sa kanila ang deklarasyon?

Natatatko ako na hindi susundan ng aking landlord ang mga patakaran at sububukan pa rin akong palayasin.

Dapat kang makipag-ugnay kaagad sa isang lokal na samahang nonprofit o legal na tulong.

Ang isang kaibigan ko ay nasa korte na para sa pagpapalayas, ito ba ay makakapigil nito?

Sabihin sa kanila na magsumite kaagad ng deklarasyon upang hindi sila mapalayas at humanap sila ng legal na tulong.

Iyan ay magiging isang paglabag sa kautusan ng pagpapalayas ng CDC. Dapat kang humingi ng legal na tulong upang isumbong ang iyong landlord.

Alamin ang Iyong mga Karapatan

- ✓ Hindi ka maaring i-lock-out ng iyong landlord sa iyong apartment
- ✓ Kung ikaw ay nasa peligro na mapalayas makipag-ugnay sa isang abugado
- ✓ Para sa listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyon legal bumisita sa: <https://bit.ly/2xNyL6M>
- ✓ Para sa listahan ng mga samahan ng nangungupahan bumisita sa: <https://bit.ly/2WJb5Kk>
- ✓ Para sa listahan ng mga lokal na samahan ng bar bumisita sa: <https://bit.ly/2KnF0pt>

Salamat sa iyong tulong!

Walang problema. Bilang nangungupahan kailangan tayong magka-isa at magtutulongan!

Mga nangungupahan magka-isa!

Kapag nagtutulungan ang mga nangungupahan mas higit tayong makapangyarihan!

Upang matuto nang higit pa tungkol sa pagbubuo ng isang samahan ng nangungupahan sa iyong gusali bumisita sa aapineighborhoods.org